San Diego Unified School District

EUGENE BRUCKER EDUCATION CENTER
4100 Normal Street, San Diego, CA 92103-2682
(619) 725-5506

Carl A. Cohn
Superintendent of Schools

Setiyembre 2007

Mahal na Magulang/Tagapag-alaga:

Maligayang pagbati sa paaralang taong 2007-08. Sa ating bago at nagbabalik na mga pamilya, salamat sa karangalang mapaglingkuran ang inyong mga anak.

Ang simula ng isang bagong paaralang taon ay ang tamang panahong ipangakong muli ang ating mga sarili sa mga layuning:

> Pabilisin ang mga pakinabang na magagawa ng mag-aaral,
> Magkaroon ng matiwasay, maayos at mahusay na mga paaralan,
> Patibayin ang pagtutulungan ng magulang, sambayanan, mangangalakal at mataas na pag-aaral,
> Pataasin ang moral ng mga kawani at
> Makahanap ng sapat na pondo para sa ating mga paaalan.

Nalulugod kong iulat na tayo'y gumagawa ng pagsulong sa pagtupad sa ating mga layunin. Ang mga mag-aaral sa San Diego ay patuloy na gumagawa ng higit na mabuti kaysa sa karamihan ng malalaking pook distrito ng California. Nangunguna tayo sa tamang patutunguhan ngunit dapat magsikap upang mapabilis itong mga pakinabang at mapunan ang masisikip na puwang na nagagawa. Upang matupad ito, isang bagong kurikulum at pagtuturo ay isasakatuparan nitong taglagas. Ang balak ay nakatutok sa mataas na inaasam para sa lahat, hinahamon ang pamantayang batayan ng pagtuturo, mga paraang tutulong sa *bawat* mag-aaral na magtagumpay, mabisang paggamit ng mga ulat, at kasalukuyang dalubhasang pag-aaral para sa ating mga guro at punong-guro.

Patuloy kaming nakikinig sa mga pangangailangan at nais ng mga magulang. Isang pagsusuring pagsukat sa kasiyahan ng mga magulang ay ipinalabas noong Hunyo sa isang salit-salit na pagpapadala sa mga pamilya sa distrito. Salamat sa lahat na nag-aksaya ng panahong sagutin at ibalik ang papel ng pagsusuri. Pinag-aaralan pa rin namin ito, ngunit nalulugod na malaman na higit sa 90% ng mga magulang ay nagsasabing ang kanilang paaralan ay matiwasay, at sila'y tinatanggap at ginagalang.

Limang bagong paaralang "state-of-the-art" ay nagbukas ng kanilang pintuan sa unang pagkakataon sa mga mag-aaral sa ika-4 ng Setiyembre. Mayroon tayong balansing kaha at nanatiling taonang pondo, kahit na isang mahalagang kamaliang pagtantiya ng estado at ang bumababang bilang ng mga mag-aaral. Sa isang kamakailang pagsusuri sa pagsukat sa kasiyahan ng mga kawani, karamihan sa mga kawani ay nagsabing ang kanilang moral ay mahusay at mataas.

Samantalang ang ating mga natupad ay nakahihikayat, ang ating gawain ay hindi pa tapos. Sa inyong patuloy na pagsuporta at pakikipagtulungan, itatayo natin ang ating mga tagumpay sa ating paggawa patungo sa pagiging pinakamabuting malawak na paaralang distrito ng America.

Salamat sa kapahintulutang aming mapaglingkuran kayo. Hangad namin ang isang napakagandang taon.

Buong katapatan,

Carl A. Cohn
Tagapamahala ng mga Paaralan